

## Mga dokumento sa paunang pagpapalano ng pangangalaga na karaniwang ginagamit sa Queensland

### Paunang Tagubilin sa Kalusugan (Advance Health Directive)



Ito ay isang legal na dokumento na nagsasaad ng iyong mga desisyon at nagdidirekta ng iyong pagkaalaga ng kalusugan sa hinaharap sa mga partikular na sitwasyon na hindi ka maaaring makapagpasya at makipag-usap. Dapat itong nilagdaan ng iyong doktor, isang legal na kinatawan, at nasaksihan. Ang mga porma ay makukuha mula sa [justice.qld.gov.au](http://justice.qld.gov.au).

### Tumatagal na Kapangyarihan ng Abugado (Enduring Power of Attorney)



Ito ay isang legal na dokumento na nagtatalaga sa isang tao o mga tao na iyong napili na gumawa ng mga mahahalagang desisyon para sa iyong kapakanan kapag hindi ka na makapagdedesisyon. Dapat itong nilagdaan ng isang legal na kinatawan, pati na rin ng tao/mga tao na iyong napili. Ang mga porma ay makukuha mula sa [justice.qld.gov.au](http://justice.qld.gov.au) o makipag-usap sa iyong abogado o sa Public Trustee.

### Pahayag ng mga Pagpipilian (Statement of Choices)



Ang dokumentong ito ay nakatuon sa iyong mga kagustuhan, pinahahalagahan at paniniwala. Makatutulong ito sa mga malapit sa iyo na gumawa ng mga desisyon para sa iyong pagkaalaga sa kalusugan, kung kinakailangan. Nagbibigay ito ng ginhawa para sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay. Dapat itong nilagdaan ng isang doktor. Ang mga porma ay makukuha mula sa [mycaremychoices.com.au](http://mycaremychoices.com.au), makipag-usap sa iyong GP, o makipag-ugnayan sa Office of Advance Care Planning.

## Ang Opisina ng Paunang Pagpapalano ng Pangangalaga (The Office of Advance Care Planning)

Ang Opisina ng Paunang Pagpapalano ng Pangangalaga, Queensland Health, ay isang libre at kumpidensyal na serbisyo para sa lahat ng mga taga-Queensland upang matulungan ang proseso ng paunang pagpapalano ng pangangalaga, kabilang ang:

- Pagbibigay ng mga pakete ng impormasyon at porma sa paunang pagpapalano ng pangangalaga
- Pinapayuhan ka kung sino ang kakausapin tungkol sa paunang pagpapalano ng pangangalaga sa inyong lokal na lugar
- Pagdaragdag ng mga kopya ng iyong mga dokumento ng paunang pagpapalano ng pangangalaga sa iyong medikal na ulat sa Queensland Health
- Pagsagot sa lahat ng iyong mga katanungan sa paunang pagpapalano ng pangangalaga.

### Makipag-ugnayan sa Office of Advance Care Planning:

☎ 1300 007 227

📠 1300 008 227

✉ PO Box 2274, Runcorn Qld 4113

@ [acp@health.qld.gov.au](mailto:acp@health.qld.gov.au)

🌐 [mycaremychoices.com.au](http://mycaremychoices.com.au)

Ang serbisyo ng interpreter ay magagamit sa oras ng opisina upang magbigay ng impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa paunang pagpapalano ng pangangalaga sa Queensland:

### Tumawag sa 13 14 50



Interpreter

• Sabihin ang wikang sinasalita

• Humiling na makakonekta sa Office of Advance Care Planning sa **1300 007 227**.

## Ang Aking Pagkakaalaga, Ang Aking Mga Pagpipilian

Kung bigla kang nasugatan o nagkasakit nang malubha, paano malalaman ng mga kawaning medikal kung ano ang iyong mga kagustuhan sa pangangalagang pangkalusugan?



*Bigyan ng kapangyarihan ang iyong sarili na magplanopara sa hinaharap mong pagkakaalaga ng kalusugan*

[mycaremychoices.com.au](http://mycaremychoices.com.au)

**OACP**

Statewide Office of Advance Care Planning



Queensland Government

## Ano ang paunang pagpapalano ng pangangalaga?



Ang paunang pagpapalano ng pangangalaga ay proseso ng pag-iisip at pagsasabi ng iyong mga kagustuhan para sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Ang mga paunang plano ng pangangalaga ay ginagamit sa mga sitwasyon kung saan hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili.

Ang paunang pagpapalano ng pangangalaga ay kusang-loob at maaaring kasama ang:

- Pag-iisip at talakayan na kasama mo ang mga taong pinagkakatiwalaan mo ang tungkol sa iyong mga pinahahalagahan, mga pagpipilian sa pagkakaalaga ng kalusugan at sa kalidad-ng-buhay
- Paghirang ng isa, o higit pa, na kahaliling tagagawa ng desisyon upang magsalita para sa iyo, kung kinakailangan
- Pagsulat sa isang dokumento ang iyong mga kagustuhan sa pagkaalaga ng iyong kalusugan.

Tulad ng paggawa ng isang Huling Habilin, ang paunang pagpapalano ng pangangalaga ay bahagi lamang ng pagpapalano para sa hinaharap.

## Bakit magplano nang maaga?



Ang paunang pagpapalano ng pangangalaga ay makakatiyak na:

- Ang paggamot at pagkakaalagang matatanggap mo ay sang-ayon sa iyong mga kahilingan
- Malalaman ng iyong mga mahal sa buhay kung ano ang kagustuhan mo kung kailangan nilang magpasya para sa iyo
- Ang mga desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi lamang ginagawa kung may nangyayari ng krisis.

## Handa na bang simulan ang pagpapalano?

### Hakbang 1 – Talakayin



Maaaring mahirap sabihin ang tungkol sa kagustuhan mo kung ikaw ay magkaroon ng malubhang sakit, ngunit maaari itong magbigay sa iyo, at sa mga mahal mo, ng panatag na pag-iisip kung alam nila ang iyong mga kahilingan.

Pagkatapos pag-isipan ang tungkol sa iyong mga kagustuhan sa pagkakaalaga ng kalusugan sa hinaharap:

- Talakayin sa iyong doktor ang iyong mga kondisyong medikal at kung paano maaaring makakaapekto ang mga ito sa iyo sa hinaharap
- Pag-usapan ninyo ng iyong pamilya at mga taong malapit sa iyo ang tungkol sa iyong mga kagustuhan sa pagkakaalaga ng kalusugan
- Hilingin sa isang tao/mga taong pinagkakatiwalaan mo na maging kahalilimo sa mga pagdedesisyon para sa iyo, kung kinakailangan.

### Hakbang 2 – Itala



Itala ang iyong mga kagustuhan at desisyon sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isa o higit pa sa mga sumusunod na dokumento:

- Paunang Tagubilin sa Kalusugan (Advance Health Directive)
- Tumatagal na Kapangyarihan ng Abugado (Enduring Power of Attorney)
- Pahayag ng mga Pagpipilian (Statement of Choices)

Kupyahin (download) ang mga dokumentong ito nang libre mula sa: [mycaremychoices.com.au](http://mycaremychoices.com.au)

### Hakbang 3 – Ibahagi



Tiyakin na ang iyong mga naitalang kagustuhan sa pagkaalaga ng kalusugan ay nalalaman at magagamit ng mga nangangalaga sa iyo.

Upang ibahagi ang iyong mga pinili:

- Bigyan ng kopya ng iyong mga dokumento ang mga pinagkakatiwalaan mo (hal. mga miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan, iyong mga kahaliling tagapagdesisyon) at iyong mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (hal. GP)

#### AT

- Magbigay ng mga kopya ng iyong mga dokumento sa Opisina ng Paunang Pagpapalano ng Pangangalaga (Office of Advance Care Planning) upang maidagdag sa iyong medikal na rekord sa Queensland Health (**Tingnan sa kabila para sa mga mapagpipilian**).
- Ilagay (upload) ang iyong mga dokumento sa iyong My Health Record sa [myhealthrecord.gov.au](http://myhealthrecord.gov.au)

### Hakbang 4 – Suriin



Mahalagang palaging suriin ang iyong mga dokumento sa paunang pagpapalano ng pangangalaga, lalo na kung nagbago ang katayuan ng iyong kalusugan o kung binago mo ang iyong mga kagustuhan sa pagkaalaga ng kalusugan.

